



Mapagkukunan ng Q&A para sa Mga Walang Insurance na Buntis sa Manitoba



Sino ang walang saklaw ng pampublikong kalusugan sa Manitoba?

Ang mga internasyonal na mag-aaral at kanilang mga pamilya, mga migranteng manggagawa na may mga permit sa ilalim ng 12 buwan (hindi kasama ang mga manggagawa sa SAWP) at kanilang mga pamilya, mga naghahabol na refugee (takas) na tinaggihan sa petsa ng kanilang deportasyon, ang mga taong may visitor visa, walang status, o nasa pagitan ng mga status ay walang pampublikong saklaw sa kalusugan sa Manitoba.

Saan ako makakahanap ng doktor na kumukuha ng mga pasyenteng walang insurance?

Maaaring piliin ng sinumang doktor na kunin ang mga pasyenteng walang insurance, kung mayroon silang kapasidad. Maaari mong tanungin ang kanilang opisina kung ano ang kanilang mga bayarin at kung maaari nilang idirekta ang pagsingil sa pribadong insurance – ang mga bagay na ito ay maaaring mag-iba-iba sa mga opisina. Walang dedikadong programa na pinondohan upang magbigay ng pangangalaga sa mga walang insurance na buntis sa Manitoba, ngunit ang ilang mga sentrong pangkalusugan ng komunidad (community health center) ay may kaalaman na may kaugnayan sa pagtugon sa isyung ito at maaaring makatulong sa iyo sa paghahanap ng doktor.

Pag-isipang mag-tsek-in gamit ang:

Mount Carmel Clinic
(204-582-2311)

Women's Health Clinic
(204-947-1517)

Klinik
(204-784-4090)

Maaari ba akong makakuha ng midwife para sa aking pagbubuntis kung hindi ako insured?

Ang mga komadrona ay karaniwang direktang nagtatrabaho sa pamamagitan ng rehiyonal na awtoridad sa kalusugan (hindi bayad para sa serbisyo tulad ng mga doktor). Ang mga komadrona na nagtatrabaho sa Winnipeg Regional Health Authority ay hindi maaaring magbigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng walang insurance; gayunpaman, ang mga komadrona sa ilalim ng ibang mga awtoridad sa kalusugan ay maaari. Ang pangangalaga sa midwifery (kadalubhasaan sa panganaganak) ay maaaring maging isang magandang opsyon para sa mga taong may mababang panganib na pagbubuntis at mas kaunting interbensyon sa medikal. Ang panganaganak sa bahay na may isang midwife ay maaaring mas murang opsyon, kung ang pangangalagang iyon ay angkop para sa kanilang mga pangangailangan. Ang mga taong walang pampublikong health insurance ay kailangan pa ring magbayad nang galing sa kanilang sariling bulsa para sa mga gastos sa pangangalagang ito.

Magkano ang magagastos sa panganaganak kung wala akong pampublikong health insurance?

Ang Manitoba Health ay nagbibigay ng istraktura ng bayad, ngunit ang mga gastos na nauugnay sa pangangalaga sa prenatal (bago manganak) at pagle-labor at panganaganak ay maaaring mag-iba mula sa bawat ospital, sa mga rehiyon, at sa mga doktor. Maaari mong asahan ang mga hiwalay na bayad para sa mga appointment bago manganak (prenatal), laboratoryo, at ultrasound. Ang mga tao ay nag-ulat na nagbabayad ng \$80-100 para sa appointment bago manganak (prenatal) at pa-laboratoryo, at \$1000 -1400 para sa ultrasound. Para sa pagle-labor at panganaganak, may mga bayad sa ospital na sisingilin bawat araw, gayundin ang mga hiwalay na bayad sa doktor para sa obstetrician at anesthesiologist (kung kailangan mo). Kung magkaroon ng medikal na komplikasyon, sisingilin ang mga bayarin sa bawat serbisyo. Ang ilang mga pribadong insurance ay bahagyang sasakupin ang mga gastos na ito, ngunit maaari pa ring hilingin sa iyo na bayaran muna ang mga gastos na ito nang direkta at babayaran sa iyo pagkatapos. Maaari kang tumawag sa mga tanggapan ng accounting/pagsingil ng karamihan sa mga ospital at makuha ang pangkalahatang impormasyong ito.

Health Sciences Centre Accounting (204-787-4539)
St. Boniface Billing Department (204-925-9562)

Kasalukuyang sinisingil ng Winnipeg Health Sciences Center at Brandon Regional Health Center ang mga sumusunod na bayarin sa mga tao sa kategoryang "hindi residente na walang insurance" (hindi kasama ang mga bayarin sa doktor):

	HSC	BRHC
Mga bayad sa ospital para sa ina	\$7,116 kada araw	\$4,074 kada araw
Mga bayarin sa ospital para sa bagong panganak	\$3,441 kada araw	\$3,441 kada araw
Mga bayarin sa ospital para sa sanggol sa ICU	\$17,922 kada araw	\$12,225 kada araw
Humiling ng paunang bayad para sa panganganak	\$31,671	Wala

Ano ang mangyayari kung hindi ko mabayaran ang aking bayarin?

Sa lalong madaling panahon (bago lumabas), makipag-ugnayan sa Accounting/Billing office ng iyong ospital. Maaaring posible na gumawa ng plano sa pagbabayad. Kung nagde-default ka sa isang pagbabayad, karaniwan para sa mga ospital na ipasa ang iyong bayarin sa isang ahensya ng pagkolekta. Sa kaso ng mga hindi nabayaran bayarin, nag-uulat din ang ilang ospital ng mga kaso sa Canadian Border Services Agency (CBSA). Ito ay mga karaniwang kasanayan sa Health Sciences Center, halimbawa. Ang Prairie Mountain Regional Health Authority ay nagpapadala ng mga singil sa bayarin sa mga ahensya ng pagkolekta ngunit hindi nag-uulat ng mga pasyente sa CBSA.

Hihilingin ba sa akin na magbigay ng paunang bayad o deposito para sa mga gastos sa labor at panganganak sa ospital?

Karaniwan para sa mga ospital na humiling ng paunang bayad para sa mga gastos na ito. Maaaring mag-iba ang halagang ito sa mga ospital at sa pangkalahatan ay mas mataas sa Winnipeg kumpara sa mas maliliit na lungsod at rural na rehiyon. Halimbawa, ang Prairie Mountain Regional Health Authority ay hindi kasalukuyang humihingi ng paunang bayad, ngunit ang Winnipeg Regional Health Authority ay humihingi. Kinakalkula ng Health Sciences Center ang halagang hinihingi nila bilang deposito na \$31,671, na katumbas ng tatlong gabi sa ospital. Kung hindi mo nagastos ang halagang ito sa iyong mga bayarin, ang labis ay ibabalik sa aiyo. Kung hindi mo kayang bayaran ang halagang ito, maaari ka pa ring manganak sa ospital kung dumating ka sa triage kapag nasa aktibong pagle-labor. Ang mga ospital ay may tungkulin na pangalagaan ka sa mga sitwasyong ito. Sisingilin ka pagkatapos para sa mga gastos na nagastos mo.

Maaari bang makakuha ng pampublikong health insurance ang aking sanggol bilang isang mamamayan ng Canada?

Ang pag-access sa Manitoba Health ay nauugnay sa parehong pagka-mamamayan at paninirahan sa Manitoba. Sa pangkalahatan, ang mga hindi mamamayan ay kailangang magpakita ng paninirahan ng hindi bababa sa 6 na buwan o intensyon na manirahan sa Manitoba nang hindi bababa sa 6 na buwan (halimbawa, isang balidong 12-buwang permit sa pag-aaral). Ang paninirahan ng bagong panganak ay naa-access na may kaugnayan sa kanilang magulang. Ang mga bagong panganak na may mga magulang na may mga permit sa trabaho o pag-aaral ay maaaring makakuha ng health insurance ay base sa tagal ng permit ng kanilang mga magulang. Kung ang mga magulang ay hindi maaaring magpakita ng paninirahan o pangako sa paninirahan sa hinaharap, hindi sasakupin ng pampublikong health insurance ang bagong panganak na sanggol. May ilang indikasyon na ang mga pangyayaring ito ay maaaring suriin depende sa bawat kaso, kaya ang indibidwal na adbokasiya ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa mga sitwasyong ito.

Anong mga suporta ang maaari kong ma-access upang maiwasan o wakasan ang pagbubuntis?

Ang Women's Health Clinic (WHC) sa Winnipeg ay mayroong programang pang-komunidad para sa birth control na nagbibigay ng iba't ibang uri ng mga contraceptive nang libre o sa mababang halaga, anuman ang estado ng iyong insurance. Maari din silang magbigay or tumulomng sap ag-access sa serbisyo ng aborsyon hanggang 16 na lingggo ng pagbubuntis. Ang WHC ay magtatakda ng halagang \$500-\$800 para sa mga pasyenteng walang insurance na medikal. Maari din nilang pangasiwaan na maka-konekta sa mga pondong pang-emergency na mula sa mga pambansang non-profit tulad ng NAF Canada at Action Canada na maaring makatulong din sa mga gastusin.

Ang impormasyon na napatunayan noong Pebrero/Marso 2025. Ang fact sheet na ito ay binuo ni Dr. Lindsay Larios at ng pangkat ng pananaliksik ng Reproductive Justice Manitoba. Kung mayroon kayong anumang katanungan, pagtutuwid, o puna, mangyaring makipag-ugnay kay Dr. Larios sa Lindsay.larios@umanitoba.ca.

[reproductive justice research team]